



2010 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 1: Listening and Responding

Transcript

Section 1, Part A

Text 1

- WILLIAM: Hoy, Kapitbahay, maraming salamat sa pag-aalaga mo sa aking asong si Woolfie habang nasa Pilipinas kami.
- KELLY: Walang anuman ‘yon, William.
- WILLIAM: Nahirapan ka ba sa pag-aalaga kay Woolfie?
- KELLY: Hindi naman. Mabait at masunurin naman si Woolfie.
- WILLIAM: Ay, salamat naman at hindi ka gaanong nahirapan!
- KELLY: Hindi, nalibang nga ako sa pag-aalaga sa kanya. Kumusta naman ang lola mo sa Pilipinas?
- WILLIAM: Mabuti na siya. Pahinga na lang ang kailangan. Ito nga pala ang pasalubong ko sa iyo. Sana ay magustuhan mo.
- KELLY: Ang ganda ganda naman nito! Maraming salamat.
- WILLIAM: Walang anuman.

Text 2

- SPEAKER: Ito si Dr Leticia Gomez ng Kagawaran ng Kalusugan.

Bawat taon, libu-libong mga tao ang naglalakbay paalis at parating dito sa Australya.

Marami sa mga ito’y walang-malay na maaari silang magdala ng ibat-ibang mga sakit kagaya ng trangkaso at hepatitis buhat sa mga bansang kanilang binisita. Maaaring iwasan ang pagdala ng mga mapanganib na sakit. Pumunta agad sa inyong doktor kapag sumama ang inyong pakiramdam sa loob ng pitong araw ng inyong pagdating.

Tandaan – ang Kagawaran ng Kalusugan ay hinihikayat ang lahat ng mga turista na manatiling malusog at alagaan ang sarili lalo na sa darating na tag-lamig.

Maraming salamat.

Text 3

- NOEL: Hello, Celia, si Noel ito. Hindi mo pa nalilimutan ang gagawin natin sa susunod na linggo, ano?
- CELIA: Siyempre naman! Hindi naman araw-araw na ang mga magulang natin ay magdiriwang ng ika-dalawampung Anibersaryo ng Kasal.
- NOEL: Sinisiguro ko lang. At saka huwag na huwag mong ipagsasabi sa iba. Sorpresa ito! Oo nga pala, maaari ka bang magdala ng sorbetes?
- CELIA: Oo, ba! Kumusta ang paghahanda?
- NOEL: Ayos na ang lahat! Umaasa akong hindi malilimutan ang araw na Biyernes na ito!
- CELIA: Biyernes! Akala ko, Sabado. Magsisimula na ang pasok ko sa Unibersidad nang araw na iyon hanggang gabi.
- NOEL: Ha? Ano ka ba naman! Hindi lang sa wala ka nang ginawa, ni hindi mo pa makuhang tamaang araw.
- CELIA: Teka, teka! Titingnan ko kung mayroon akong mahihiraman ng mga talang pang-unibersidad.
- NOEL: Aba, dapat naman! Naku, ano pa kayang kamalasan ang maaaring mangyari?

Text 4

JONI: Hoy, Carla, may naisipan ka na naman, ano?

CARLA: Joni, mayroong pahulaan sa magasin. Gawin nating dalawa.

JONI: Okey lang. Ay, hindi pala! Ingles ‘yan, ano? Eh hindi ako magaling sa Ingles.

CARLA: Okey lang ‘yan. Tutulungan kita. Ibigay mo ang mga sagot at ako ang susulat. Sige...(Pause). Alam ko na ang sagot sa unang tanong. (Pause). Nakaraan na ba ang kaarawan mo o malapit na ito?

JONI: Hindi ako makapaniwala na hindi mo alam na sa darating na Lunes ang araw. Umaasa akong alam mo na ang edad ko.

CARLA: Alam ko ‘yon—pareho lang naman tayong dalawampung taon ang edad. (Pause) O, tapos na ang pangalawang tanong.

JONI: Madali ang pangatlong tanong. Alam mo namang ako’y palaging masaya.

CARLA: Akala mo lang. May mga umagang ikaw ay talagang masungit at hindi tayo dapat magsinungaling.

JONI: O, sige, pero hindi mo kailanman nasabi sa akin iyan.

CARLA: Kasi ikaw ang pinakamatalik kong kaibigan at lagi kitang maaasahan. Ibibigay mo ang lahat sa akin.

JONI: Ang bait mo naman!

Text 5

TAGAPAG-SALITA SA RADYO:

Ayokong simulan ang aking programa na nagre-reklamo subalit hindi ko mapigilan ang aking sarili. Pinagsabay ang konsiyerto ng Banda Armoniya at ang kampeonato ng putbol. Ang trapik, ang kapal ng tao sa kalye, at ang ingay. Marunong kayang magbilang ang mga tagapamahala ng Stadyum Sentral? Sa palagay ko ay hindi.

TAGA-PAKINIG (AILEEN):

Hi! Si Aileen ako. Papunta kami ng mga kaibigan ko sa konsiyerto. Tumawag ako upang sabihin sa inyo na kaming mga kabataan ay walang reklamo. Mahusay ang pamamahala dito. Maayos ang lakaran. Hindi ka maliligaw.

TAGAPAG-SALITA SA RADYO:

Subalit Aileen, ma-trapik hindi ba?

TAGA-PAKINIG (AILEEN):

Matrapik talaga. Sa tingin ko ay nai-intindihan naman ng mga tao ang dahilan ng trapik. Mayroon akong nakitang pasahero na bumaba at siya ang nag-trapik. Palakpakan ang mga tao.

TAGAPAG-SALITA SA RADYO:

Kung ako ang na-trapik diyan hindi ako papalakpak.

TAGA-PAKINIG (AILEEN):

Hindi kailangang gumamit ng sasakyan dahil kasama naman sa halaga ng tiket ang pamasaha sa tren at bus.

TAGAPAG-SALITA SA RADYO:

Wala akong pasensiya sa ingay.

TAGA-PAKINIG (AILEEN):

Maingay man ay masaya naman. Maraming tao nga sa kalye ngunit nakatawa naman. Walang nag-aaway. Nakatira ako sa malapit sa Stadyum Sentral. Hindi ba mabuti na mayroong ganitong mga palabas upang ang mga kabataan ay magkaroon ng magandang libangan?

TAGAPAG-SALITA SA RADYO:

Ang masasabi ko ay mabuti at hindi ako nakatira sa lugar na 'yan.

TAGA-PAKINIG (AILEEN):

Halika, magsaya naman kayo paminsan minsan!

Section 1, Part B

Text 6

- VANGIE: Ale. Ako si Banjo. Gusto kong isoli ang sapatos na ito. Nuong isang linggo ko lang binili.
- TINDERA: Naisuot niyo na po ba?
- BANJO: Oo, isang beses pa lang.
- TINDERA: Kapag naisuot na, hindi na po maaaring ibalik. 'yan ang patakaran ng aming tindahan.
- BANJO: Ngunit hindi ba mayroon kayong garantiya na ibabalik ang pera kung hindi nasisiyahan ang parokyano?
- TINDERA: Opo. Ngunit may bisa lamang ang garantiya para sa mga sapatos na hindi pa naisusuot.
- BANJO: Unang gamit ko pa lang natastas na ang tahi sa tagiliran.
- TINDERA: Ngunit ayon po sa aming patakaran hindi na ito sakop ng garantiya dahil naisuot niyo na.
- BANJO: Ngunit kaka-iba ito dahil kabibili ko lang nuong isang linggo nasira agad.
- TINDERA: Sinusunod ko lang po ang aming patakaran.
- BANJO: Nais kong maka-usap ang manedyer. Nararapat lamang na mabalik ang perang ibinayad ko.
- TINDERA: Tatawagin ko ang aming manedyer para malutas ang suliraning ito. Pero naipaliwanag ko na po sa inyo ang patakaran ng tindahan.

Text 7

RADIO HOST / ANNOUNCER:

At ngayon sundan nating muli ang ating Radyo Serye: “Buhay – Ito lang ba?”. Subaybayan natin ang mga pangyayari nang nakauwi na sina Aling Rosing at Dino. Matutuklasan kaya nila na nadukutan si Aling Rosing sa tindahan? Pakinggan ngayon....(lead up music

ALING ROSING: Dino..Dino...naku! Naiwanan sa tindahan ang pancit!

DINO: Tita...Aling Rosing nasabi ko na sa inyo na mas gusto kong palayaw ang “Dyna”. Para “Dyanamic” ano? Hindi ba bagay?

ALING ROSING: (annoyed) Pilyo ka talaga, pamangkin ko. Puro kalokohan at -

DINO: Aling Rosing...hawak po ninyo ang pancit sa “check-out”. Nakita ko po kayo!

ALING ROSING: (annoyed and scolding) Sa halip na makatulong eh mas nalilito ako dahil sa kagagawan mo. Tignan mo nga yan, naiwanan tuloy ang pancit para sa handaan ni Tita Luz mamayang gabi. Araaaaay! Naku, biglang sumakit ang ulo ko!

DINO: Ayan, sabi ko na nga ba -Aling Rosing...masama sa inyo ang biglang magalit. Umupo kayo at namumula na ang inyong pisngi...at...

ALING ROSING: (scolding)Hoy bata ka, iibahin mo na naman ang usapan. Pababalikin mo pa ako sa tindahan para bumili na naman ng pancit ano? Ang hirap sa inyong mga kabataan ngayon, walang responsibilidad, mapabaya at walang respeto.

DINO: Yan ang tinatawag na “generalisation” Tsk ..Tsk.. at Tita, masama sa inyo ang biglang magalit. Hindi bagay sa nakakatandang babae ang namumula ang mukha.

ALING ROSING: Araaaaay! medyo atang nahihilo ako....

DINO: Aling Rosing, upo na muna dito – at ikukuha ko kayo ng isang basong tubig. Ayan! (startled)

ALING ROSING: O, akala ko ba kukuha ka ng tubig?

DINO: Tita... Aling Rosing gusto ko lamang na makita ninyo ang pancit na inilagay ninyo sa “fridge” nang tayo’y pumasok sa kusina.

ALING ROSING: Talaga? Pasensiya ka na iho...Dyna pala... Alam mo tumatanda na ang Tita!

DINO: (joking) Tita, huwag naman masakit magsalita....mabuti na lang hindi ako matampuhin!

ALING ROSING: Dino... naku! Nadukot ang pitaka ko!

DINO: Ano?